



**PARA SA AGARANG PAGLALABAS:** Oktubre 6, 2021  
**CONTACT:** Tina Landis - 415.940.3585

## **Distrito ng Hangin, muling inilunsad ang programang Clean Cars for All sa Clean Air Day**

*Maaaring karapat-dapat ang mga residente na may kwalipikadong kita sa hanggang \$9,500 para sa sasakyan para sa malinis na hangin*

**SAN FRANCISCO** – Muling inilunsad ng Bay Area Distrito ng Hangin ang programang Clean Cars for All nito na may mahigit \$8 milyon na available para sa mga kwalipikadong residente para bumili ng sasakyan para sa malinis na hangin.

Nagbibigay ang programa ng hanggang \$9,500 para sa mga miyembrong kwalipikado ang kita mula sa mga komunidad na matinding naapektuhan ng pagpaparumi sa hangin para maihinto na ang paggamit ng mga sasakyan at mapalitan ng mga bago o gamit nang hybrid, plug-in hybrid, electric, o fuel cell na sasakyan, o para makakuha ng transit card o e-bike. Bukod pa rito, available ang hanggang sa \$2,000 na pagpopondo para sa kagamitan para sa pag-charge ng baterya sa bahay at pag-install nito kapag bumili ng plug-in na hybrid o de-kuryenteng sasakyan.

“Habang mga kotse at trak sa mga lansangan ng Bay Area para rin ang pinakamalaking pinagmumulan ng mga pagpaparumi ng hangin sa rehiyon, mapapahusay ng pagkakaroon ng higit pang sasakyan para sa malinis na hangin sa kalidad ng hangin at para sa pagbawas ng mga emisyon ng greenhouse gas,” ayon kay Cindy Chavez, ang Tagapamahala ng County ng Santa Clara, na tagapangasiwa rin ng Lupon ng mga Direktor ng Distrito ng Hangin. “Sa pamamagitan ng programang Clean Cars for All, nababawasan ang ating pag-asa sa mga fossil fuel habang nagbibigay ng mapagkakatiwalaang mapagkukunan ng transportasyon sa mga residenteng pinakanangangailangan dito.”

“Kinakailangan ang paglipat mula sa pinapatakbo ng gasolina patungo sa mga sasakyan para sa malinis na hangin para pahusayin ang kalidad ng hangin at dalhin ang Bay Area sa pagkamit ng malalaking layunin nito sa klima,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Distrito ng Hangin. “Ipinapabilis ng programang Clean Cars for All ang paglipat na ito habang tinutulungan ang mga residenteng pinakaapektado ng pagpaparumi sa hangin na pumili ng mga sasakyan para sa malinis na hangin at makuha ang mga benepisyo ng pagmamaneho ng electric na sasakyan.”

Inilunsad ng Distrito ng Hangin ang programa noong Marso 2019 bilang bahagi ng isang malawakang pagsisikap para gawing abot-kaya ang mga opsyon sa sasakyan para sa malinis na hangin para sa mga residente sa buong Bay Area. Tinitiyak din ng pantay na access sa mga sasakyan para sa malinis na hangin na nakikinabang ang lahat ng residente sa mas mababang gastos sa gasolina at pagpapanatili, pati na rin sa mas pinabuting karanasan sa pagmamaneho. Kamakailan ay binigyan ng Lupon ng Mga Resource sa Hangin ng California (California Air Resources Board) ang Distrito ng Hangin ng karagdagang \$8.33 milyon para ipagpatuloy ang suporta sa programang ito.

Ang mga kalahok na residente ay puwedeng pumili ng isa sa mga sumusunod na opsyon sa transportasyon sa malinis na hangin para palitan ang kanilang mga sasakyang 2005 na modelo o mas luma. na isa-scrap:

- **Ang mga de-kuryenteng sasakyan** ay umaandar gamit lamang ang kanilang de-kuryenteng motor. Muling kinakargahan ang mga baterya ng de-kuryenteng sasakyan sa pamamagitan ng pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Gumagamit ang Mga Fuel Cell na De-kuryenteng Sasakyane** ng hydrogen fuel at de-kuryenteng motor sa halip ng makinang para sa gasolina.
- **Ang mga Plug-In na Hybrid na De-kuryenteng Sasakyan** ay pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga baterya ng mga plug-in hybrid ay muling kinakargahan ng motor na pinapaandar ng gasolina tuwing pumepreno at sa pamamagitan ng pagsaksak sa isang outlet o istasyon ng pag-charge.
- **Ang mga Hybrid na De-kuryenteng Sasakyan** ay pinagsasama ang de-kuryenteng motor at makina ng gasolina. Ang mga sasakyang ito ay hindi puwedeng "isaksak" para i-recharge. Ang motor na pinapaandar ng gasolina ay nagsisilbi rin bilang isang generator upang kargahan muli ang mga baterya sa mga hybrid.
- **Ang E-bike o Transit Card** na magagamit sa pampublikong transportasyon sa mga sistema ng transportasyon sa Bay Area.

Dapat nakatira ang mga aplikante sa isang tinukoy at kwalipikadong komunidad sa Bay Area, at ang kita ng kanilang buong sambahayan ay dapat na pasok sa nakatakdang limitasyon batay sa dami ng tao sa kanilang sambahayan. Para sa higit pang detalye ng programa, impormasyon tungkol sa kung paano mag-apply, para magsagot ng aplikasyon, o beripikahin ang iyong pagiging kwalipikado, bisitahin ang [www.baaqmd.gov/cleancarsforall](http://www.baaqmd.gov/cleancarsforall).



*Ang Clean Cars 4 All ay bahagi ng California Climate Investments (Mga Pamumuhunan ng California para sa Klima), isang inisyatiba sa buong estado na naglalaan ng bilyun-bilyong dolyar mula sa Cap-and-Trade (sistema ng pagpigil sa dami ng emisyon) upang bawasan ang mga emisyon ng mga gas na greenhouse, palakasin ang ekonomiya, at pagbutihin ang pampublikong kalusugan at ang kalikasan — lalo na sa mga komunidad na nasa masamang kondisyon.*

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga sa kalidad ng hangin at pandaigdig na klima sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Distrito ng Hangin sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

---

*Distrito ng Hangin Communications Office  
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105  
[Homepage ng Distrito ng Hangin](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*